# ISLAMIKONG MGA PINAGKUKUNAN: QURAN AT SUNNAH (BAHAGI 2 NG 2)

**Marka:**

**Paglalarawan?:** Ang relihiyong Islam ay batay sa Quran (ang Salita ng Diyos) at sa Sunnah (mga turo at katangian ni Propeta Muhammad [sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala0]). 2 bahagi: Sunnah: Ang Pangalawang Pinagkukunan ng Islam.

**Kategorya:** Mga Artikulo Mga Paniniwala ng Islam Ano ang Islam

**Ni:** islaam.net

**Nailathala noong:** 24 Aug 2020
**Huling binago noong:** 19 Feb 2012

## Ang Sunnah

Ang salitang Sunnah ay nagmula sa salitang ugat na *sanna*, na nangangahulugang magbigay daan o gumawa ng landas na madaling daanan, upang maging isang karaniwang sinusunod na paraan ng lahat pagkatapos. Kaya ang Sunnah ay maaaring magamit upang ilarawan ang isang daan o kalsada o landas kung saan naglalakbay ang mga tao, hayop, at mga sasakyan. Bilang karagdagan, maaari itong iugnay sa isang propetikong paraan, sa madaling sabi, ang batas na kanilang dinala at itinuro bilang paliwanag o karagdagang paglilinaw ng isang banal na ipinahayag na aklat. Karaniwan, ang propetikong paraan ay kinabibilangan ng mga sanggunian sa kanyang mga salawikain, kilos, pisikal na mga tampok at katangian ng pagkatao.

Mula sa Islamikong pinaninindigan, ang Sunnah ay tumutukoy sa anumang isinalaysay o may kaugnayan tungkol kay Propeta Muhammad, nawa'y ang awa at mga pagpapala ng Diyos ay sumakanya, na tunay na nasubaybayan sa kanya tungkol sa kanyang pananalita, mga kilos, ugali, at tahimik na pagpapahintulot.

Ang bawat pagsasalaysay ay binubuo ng dalawang bahagi: ang *isnad* at ang *matn*. Ang *isnad* ay tumutukoy sa isang kawin ng mga taong nagsalaysay ng isang partikular na salaysay. Ang *matn* ay ang mismong teksto ng salaysay. Ang *isnad* ay dapat na binubuo ng matutuwid at matatapat na mga indibidwal na ang integridad ay hindi mapag-aalinlangan.

# Ang Pananalita ng Propeta Muhammad

Ang pananalita ng Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala) ay tumutukoy sa kanyang mga sinabi. Halimbawa, kanyang sinabi:

***“Ang mga gawain ay hinuhusgahan sa layunin nito; ang bawat isa ay gagantimpalaan ayon sa kani-kanilang layunin. Kaya't ang sinumang lumikas para sa kapakanan ng Diyos at sa Kanyang Propeta magkagayon ang kanyang paglikas ay ituturing bilang isang paglikas para sa kapakanan ng Diyos at Kanyang Propeta. Sa kabaligtaran, ang isang lumikas lamang upang makakuha ng isang bagay na makamundo o magpapakasal sa isang babae, magkayon ang kanyang paglikas ay magiging katumbas ng kanyang hinangad.” (Saheeh Al-Bukhari)***

Ang Propeta din ay nagsabi:

**“Sinumang maniwala sa Diyos at sa Huling Araw, ay dapat magsalita ng mabuti o manatiling tahimik.”**

Ang dalawang ulat sa itaas ay malinaw na ipinakita na ang Propeta ay sinabi ang mga salitang ito. Dahil dito, ang mga ito ay kilala bilang kanyang pananalita.

## Ang mga Gawain ng Propeta Muhammad

Ang kanyang mga kilos ay nauugnay sa anumang ginawa niya, tulad ng tunay na iniulat ng Sahabah (mga Kasamahan). Halimbawa, si Hudhayfah ay nag-ulat na tuwing ang Propeta ay bumabangon sa gabi, nililinis niya ang kanyang mga ngipin gamit ang sangang pang-ngipin (siwak). Gayundin si Aishah ay nag-ulat na ang Propeta ay nais gawin o simulan ang lahat na mula sa kanang bahagi - ang pagsusuot ng sapatos, paglalakad, paglilinis ng kanyang sarili, at sa lahat ng kanyang mga gawain sa pangkalahatan.

## Ang Tahimik na Pagsang-ayon ng Propeta Muhammad

Ang kanyang tahimik na pagsang-ayon sa iba't ibang mga usapin ay nangangahulugang hindi siya tumutol o nag-alala kung ano ang kanyang nakita, narinig o nalaman sa mga ginawa o sinabi ng kanyang mga Kasamahan. Halimbawa, sa isang pagkakataon, ang Propeta ay nalaman ang ginawa ng ilan sa kanyang mga Kasamahan mula sa iba pang mga Kasamahan. Di nagtagal pagkatapos ng labanan ng Khandaq, ang Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala) ay nagbigay ng utos sa mga Kasamahan na bilisan ang pagpunta sa tribu ng Banu Quraydah, hinikayat silang magmadali upang marahil ay makapagdasal sila ng Asr (ang dasal na pang-hapon) doon. Ang ilan sa mga Kasamahan ng Propeta ay tumugon kaagad at umalis nang hindi nagdasal ng Asr. Dumating sila pagkatapos ng paglubog ng araw, nagtayo ng kampo at nagdasal ng Asr pagkatapos ng paglubog ng araw. Kasabay nito, may isa pang pangkat ng mga Kasamahan ang bumuo ng kanilang naiibang paghatol. Inisip nila na ang Propeta ay naghihikayat lamang sa kanila na magmadali sa kanilang patutunguhan, sa halip na ipagpaliban ang Asr hanggang matapos ang paglubog ng araw. Dahil dito, nagpasya silang manatili sa Madinah hanggang sa sila ay nakapagdasal ng Asr. Kaagad pagkatapos, sila ay nagmadali patungo sa tribo ng Banu Quraydhah. Nang ang Propeta ay sinabihan kung paano tumugon nang magkaiba ang bawat pangkat sa kanyang anunsyo, sinang-ayunan niya ang parehong mga paghatol.

# Ang Pisikal at Moral na mga Pag-uugali ng Propeta Muhammad

Lahat ng tunay na isinalaysay tungkol sa kutis ng Propeta at ang nalalabi sa kanyang mga pisikal na anyo ay kabilang rin sa kahulugan ng Sunnah. Si Umm Ma'bad ay inilarawan ang kanyang nakita tungkol sa dakilang Propeta. Kanyang sinabi:

“Nakita ko ang isang tao, ang kanyang mukha ay nagniningning na may maliwanag na kinang, hindi gaanong payat o gaanong mataba, matikas at makisig. Ang kanyang mga mata ay may matingkad na itim na kulay na may malalantik na mga pilik-mata. Ang kanyang tinig ay kaaya-aya at ang kanyang leeg ay mahaba. May makapal siyang balbas. Ang kanyang mahabang itim na kilay ay maganda ang pagkaka-arko at magkarugtong. Sa katahimikan, nananatili siyang marangal, na nag-uutos ng labis na pitagan at paggalang. Kapag siya ay nagsalita, ang kanyang pananalita ay mahusay. Sa lahat ng mga tao siya ang pinakamakisig at pinaka-kaaya-aya, kahit na papalapait mula sa malayo. Sa pagkatao, siya ay natatangi at pinaka-kahanga-hanga. Biniyayaan ng may matuwid na katwiran, ang kanyang pananalita ay mahinahon. Ang kanyang lohikal na mga pangangatwiran ay napaka-ayos na para bang ang mga ito ay isang kuwintas ng mga hiyas. Hindi siya gaanong matangkad o gaanong mababa, ngunit ganap na nasa pagitan. Sa tatlo, siya ang itinuturing na pinaka-maningning at pinaka-masigla. May mga kasamahan siyang magiliw na gumagalang sa kanya. Kapag siya ay nagsasalita, nakikinig sila sa kanyang mabuti. Kapag siya ay nag-uutos, mabilis nilang sinusunod ito. Nagtitipon sila sa paligid niya na nagbabantay sa kanya. Hindi siya kailanman sumimangot o nagsasalita nang walang saysay. " (Hakim)

Kasama sa kanyang mga pisikal na anyo, ang kanyang mga kasamahan ay inilarawan din ang kanyang mga gawi at pag-uugali sa mga tao. Minsan si Anas ay nag-ulat:

**“Pinagsilbihan ko ang Propeta ni Allah, sumakanya ang kapayapaan, sa loob ng sampung taon. Sa mga panahong yaon, siya ay hndi kailanman o ni minsan nagsabi sa akin ng katumbas ng 'Oof' kung may nagagawa akong mali. Kailanman ay hindi nagtanong sa akin, kung hindi ko nagawa ang isang bagay, 'Bakit hindi mo nagawa?,' at hindi kailanman nagsabi sa akin, kung may nagawa akong bagay na mali, 'Bakit mo ito ginawa?’”**

Mula sa itaas ay malinaw nating nakita na kapag ang salitang Sunnah ay lumilitaw sa isang pangkalahatang konteksto na tumutukoy sa Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala) ito ay binubuo ang anumang isinalaysay tungkol sa Propeta at tunay na nasubaybayan sa kanya. Kapag napag-alaman ng isang Muslim ang pagiging tunay ng anumang pagsasalaysay, siya ay obligadong sundin at tuparin ito nang naaayon. Ang ganitong pagsunod ay ipinag-uutos ng Diyos tulad ng Kanyang sinabi:

***“...at sundin ang Diyos at ang Kanyang Propeta at huwag tumalikod kapag narinig mo (siyang nagsasalita).” (Quran 8:20)***

May mga pagkakataon, na ang ilang mga Muslim ay naguguluhan kapag sinabi ng mga tao na ang Sunnah ay isang bagay lamang na iminumungkahi at hindi sapilitan. Kung kaya kanilang pinagtitibay na kinakailangan lamang nating sundin ang Quran at hindi ang Sunnah. Ang ganitong argumento ay nagbubunga ng isang malaking hindi pagkakaunawaan. Ang mga pantas ng Islamikong batas ay gumagamit ng salitang Sunnah upang ipahiwatig kung ano ang tunay na itinatag ng Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala) sa mga gawa na hindi sapilitang ipinag-uutos ng Diyos.

Pinanghahawakan pa din nila na ito ay kinabibilangan ng anumang salawikain ng Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala) kung saan kanyang hinihikayat ang mga Muslim na gumawa ng isang partikular na gawain at purihin silang naninindigan sa ganitong mga katangian. Kung kaya sa kanila, ang salitang Sunnah ay tumutukoy sa kung ano ang "iminumungkahi" at hindi sapilitan (*fard* o *wajib*).

Mula sa itaas, ay malinaw nating nakita na ang salitang Sunnah ay nagiging iba't iba ang mga kahulugan kapag ginagamit ng iba't ibang mga Islamikong pagdidisiplina.

Ang web address ng artikulong ito:

https://webcache001.islamreligion.com/tl/articles/4943/islamikong-mga-pinagkukunan

Copyright © 2006-2020. Lahat ng mga karapatan ay inilaan. © 2006 - 2026 IslamReligion.com. Lahat ng mga karapatan ay inilaan.